

Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

**TALK TO THE PEOPLE OF
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE
ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)**

[10 May 2021]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Magandang hapon sa mga kababayan ko.

We are still in the subject of our fight against COVID-19. And of late, the past few days, we have seen a lot of improvements in the system sa ating ginawa para sa COVID-19 panlaban.

I am also happy to report to you that today, now, there will be some positive news for all of us. But let me begin with the Secretary of Health, Secretary Duque.

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Maraming salamat po. Magandang hapon, Mr. President; Senator Bong Go, Chair of the Committee on Health and Demography; to my fellow members of the Cabinet and the Inter-Agency Task Force; at sa atin pong mga mahal na kababayan, magandang gabi po sa ating lahat.

Ako po ay magbabahagi sa inyo ng isang maikling ulat ukol po sa ating COVID-19 situation and the recent accomplishments.

Ngayon pong ika-10 ng Mayo 2021, mayroon po tayong nadagdag na 6,846 na mga bagong kaso. Sa 6,846 na naidagdag, 1,761 ay mula sa NCR; 1,359 sa Region IV-A; 852 sa Region III; at 2,874 sa mga natitirang rehiyon.

Para naman po sa ating mga aktibong kaso --- *[Can you bring the slide back? This is not the slide that I am talking about. Iyan, diyan lang, let's freeze it there.]* Para naman po sa ating mga aktibong kaso, ang kabuuang bilang ngayon ika-10 ng Mayo ay nasa 59,897, ang katumbas po nito ay 5.4 percent ng ating total active cases.

At sa kabilang dako, ang atin pong recoveries ay umabot na sa 1,030,367 at ang recovery rate ay nasa 92.92 percent. Habang ang bilang ng mga pumanaw ay nasa 18,562 at napapanatili po naman natin although masakit po sa atin na may mga pumapanaw ay mababa po ang ating case fatality rate sa 1.67 percent.

[Next slide.]

Nito pong nakaraang linggo, bumaba na ang ating --- sa ating bansa sa low risk kung saan -22 percent ang atin pong tinatawag na two-week growth rate at 6.85 ang atin pong average daily attack rate per 100,000 population. Nasa moderate risk naman ang atin pong NCR kung saan bumaba po to -39 percent ang atin pong two-week growth rate at ang atin pong average daily attack rate per 100,000 population ay bumaba din po sa 19.02 from a high of 30.98.

Bagamat gumaganda na ang ating lagay, hindi po tayo maaaring magiging mapagluwag lalo na't mayroon tayong sampung rehiyon, ito po 'yong Regions IV-B, V, VI, VIII, IX, X, XI, XII, BARMM and CARAGA na may positibo ng two-week growth rate. Ang ibig pong sabihin nito ay bumibilis ang pagkalat ng COVID-19 infection sa mga naturang lugar.

At mayroon po tayong limang rehiyon naman na may mataas na average daily attack rate, ito po ang NCR, CAR, II, IV-A and III. Although sa NCR, bibigyang-diin ko po ay malaki na din po ang ibinaba ng ating ADAR.

[Next slide.]

Ito po ang nagpapakita ng epidemic curve ng COVID. Amin din pong napansin na bumababa ang nadadagdag na kaso galing sa NCR. Mula sa 48 percent, ngayon po ay nasa 31 percent na lamang ng kabuuang bilang ng kaso na galing sa NCR. Ito po represented by the blue bar. Makikita po 'yong malinaw na pagbaba ng mga kaso.

Kasabay po nito, ang aming napansin naman ang pagtaas ng mga naitatalang kaso sa ibang rehiyon at ang represented po ito by the black graph. But all in all, makikita po natin na bumababa na po ang ating mga kaso.

[Next slide.]

Patuloy na bumubuti ang lagay ng ating healthcare utilization rate nationwide. Mula po sa 4.7 percentage points na iniulat namin noong

nakaraang linggo ay mayroon po tayo ngayon 7 percentage points na bumaba ibinaba ng ating healthcare utilization rate mula sa peak na naiulat noong April 13. To illustration of this, tingnan po natin 'yong isolation beds. Noong nag-peak po tayo, 51 percent po ang gamit ng ating mga isolation beds. Ngayon, nasa 43 percent. So bumaba po sa makatuwid ng walong porsyento. At ang ating COVID-19 ward beds, from a peak of 57 percent utilization rate, bumaba po ito to 49 percent. So ganoon din po bumaba ng walong porsyento.

At tingnan ho natin ang mahalaga rito 'yong ICU beds. From a 68 percent peak utilization rate, bumaba po tayo ng 61 percent. So mayroon po tayong improvement ng 7 percent points. At ang mechanical ventilators naman po natin from 48 percent, bumaba po to 40 percent.

[Next slide, please.]

Gayundin, bumaba ang ating healthcare utilization ng NCR mula sa 12 percent na ibinaba last week, bumaba na sa 17 percent ang ating HCUR ng nasabing rehiyon kumpara sa peak day estimate. At sa kabila nito, nananatiling nasa critical at high risk ang ICU utilization rate ng ilang lokalidad sa NCR. Kaya naman po aming hinihikayat ang mga NCR hospitals sa tulong ng One COVID Referral Center na panatilihin ang kasalukuyang healthcare capacities lalo na po ang ICU capacities upang manatili tayong handa sa mga surge na maaaring mangyari muli.

So ayan po makikita natin ang improved utilization rate natin. Ito po ay malaki po ang ibinagsak lalo na 'yong ICU beds. From an 88 percent critical risk classification, down to 67 percent which is now at moderate risk classification, down by 21 percentage points.

Eh napakamahalaga po ang ICU dahil ito po ang nagsasalba ng mga buhay. Sa lahat po ng mga bumubuo ng ating healthcare systems capacity, ICU po talaga ang pinakamahalaga sa lahat.

[Next slide.]

Para naman po sa ating death curve ay makikita na po natin bumababa na ang atin pong naitala nitong nakaraang linggo na halos kapantay ng naitala natin noong Agosto 2020 at 77 deaths per day. Gayunpaman, kinakailangan itong --- we have to interpret this with caution dahil mayroon po tayong hindi naitalang mga namatay na sa ngayon sumasailalim pa sa validation.

[Next slide, please.]

Ito naman po although si Secretary Galvez ang magbibigay po ng updates, mayroon lang po akong mga highlights. Ito pong nakaraang ika-7 ng Mayo nakiisa tayo sa ating pag-obserba ng Healthcare Workers' Day. Bukod sa mga mensahe ng suporta, patuloy din nating tinutulungan at tinutugunan ang mga concern na ating nakalap sa ating pakikipagpulong sa mga Health Worker Associations upang malaman at agad na matugunan ang kanila pong mga pangangailangan at mga hinaing. Hindi po lingid sa atin ang kalakhan ng serbisyo at patuloy na sakripisyo kaya naman patuloy natin silang sinusupportahan.

Sa usapin ng ating pambansang pagbabakuna, nakatanggap tayo ng 1.5 million Sinovac doses, 2 million AstraZeneca doses mula sa COVAX facility, at 15,000 doses mula naman po sa Gamaleya.

Sa pagdating ng mga karagdagang doses na ito, umabot na tayo sa 7.5 million doses ang kabuuang bilang ng mga bakuna na dumating po sa ating inang bayan.

Tungo sa agad na pagbigay ng mga bakunang ito sa ating mga mamamayan, patuloy tayo pong kumikilos upang mapalawig ang ating vaccination capacity. Kasama rito ang operasyon ng Galleon giga vaccination center sa loob ng SM Mall of Asia complex kung saan nakapagbakuna tayo ng 500 senior citizens sa araw ng pagbubukas nito.

Kasabay din po ang pagdating ng mga bakuna sa bansa ay hikayatin natin ang ating mga mahal sa buhay, mga kaibigan, mga kapitbahay, mga ating komunidad na magpalista at magpabakuna. Mas tiyak ang atin pong kaligtasan kung lahat tayo ay mababakunahan.

Kinakailangan ang atin pong sama-samang pagkilos upang ipakita at ipaalam sa madla na ang mga bakuna ay ligtas at epektibo laban po sa COVID-19.

Ang akin pong huling slide, sa kabuuan po, Mr. President, ito po ang ating mga pangunahing mensahe at paalala: Habang bumubuti ang ating lagay, kinakailangan pa din po natin ang mahigpit na pagpapatupad nang lahat po ng ating mga protocols upang hindi tayo bumalik sa surge.

Una, mayroon pa tayong limang rehiyon na kinakailangang tutukan dahil sa kanila pong average daily attack rate na nasa high risk pa rin po pati sampung rehiyon na tumataas ang two-week growth rate. Muli ulitin natin ang two-week growth rate ay isang panukatan na nagpapakita kung bumabagal ba o tumutulin ang hawaan sa mga komunidad ng COVID-19.

Ikalawa po, hinihikayat namin ang mga healthcare providers na panatilihin ang kasalukuyang healthcare capacity. At panghuli na lang po, sa pagtaas ng mobility na amin pong naobserbahan mula unang linggo ng Mayo, kinakailangan nating ipagpatuloy ang mahigpit na pagpapatupad ng ating mga health protocols upang hindi na tayo bumalik sa surge na atin pong naranasan.

So ito na lang po ang pinakahuling slide. Maraming salamat po at handa po akong sumagot sa mga katanungan. Salamat po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Duque. I'd like to direct our attention to Secretary Galvez.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE

CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Mr. President, fellow Cabinet members, Senator Bong Go.

Sir, sa ngayon po ang atin pong ibi-brief... Sir, sa ngayon po ang ibi-brief po natin, salamat sa Diyos po sir at ang ating mga vaccine po ay patuloy na dumadating. At tayo po ay natutuwa dahil kasi ang pagdating po ng ano ng vaccine natin hindi na po in trickles but in volumes na po.

So sa ngayon pong gabi amin pong ano amin pong ibibigay na pahayag 'yong mga vaccine na darating pa po ngayon May at saka sa ngayong June at ang ongoing po natin na vaccination program nationwide.

PRESIDENT DUTERTE: Sandali, will somebody fix the sound system?

SEC. GALVEZ: *[Mic test. Mic test. Next slide, please. Next slide, please.]*

Sa ngayon po padating na po 'yong ating mga vaccines at ngayon po ay mayroon na po tayong 7,571,000 na doses that arrived since February. So ang latest nga po 'yong dumating ng May 7 at saka May 8 na mayroon tayong 1.5 million na Sinovac at mayroon po tayong 2,030,400 doses ng AstraZeneca. So masaya na po tayo dahil kasi mayroon na po tayong pang-second dose sa AstraZeneca.

[Next slide, please.]

Ito pa po 'yong mga darating na mga --- mga ano natin na doses. Ngayon pong araw darating po ang Pfizer, mamaya pong mga 9:30 ng gabi darating po ang 193,000 na Pfizer.

And then bago mag-end po ang ano ang May, mayroon pa pong 1,100,[000] na Pfizer na darating at mayroon pang Sinovac 500,000 at ongoing pa iyong ating negotiation para sa 2 million na Sputnik. Kung darating po, kung may awa po ang Diyos at darating po lahat ito, magkakaroon na po tayo ng inventory na 11,364,000 na vaccine.

And then sa June, mayroon pong darating din po na another 1,100,000; and then nag-order na po tayo sa Sinovac ng 4,500,[000] doses; and Moderna mayroon pong darating na 250,000; AstraZeneca po, ito po 'yong in-order ng ano ng ating mga private sector, mayroon na rin pong 1.3 million na darating; and then Sputnik, 2 million po.

So bago po mag --- matapos po ang buwan ng June, ine-expect po natin na mayroon na po tayo sa ating inventory na 20,514,000 doses. Ito po kaya na po lahat po ito 'yong A1, A2, A3 makakaya na po na makuha.

[Next slide, please.]

So kung makikita po natin sa ating vaccination, mayroon na po tayo na total na na-deploy na 4,009,8[8]0 doon po sa mga vaccination site. Mayroon naman po tayo na 3,410 na vaccination site. At sa first dose po natin na --- mayroon na po tayo na 1,957,965 na nabakunahan at mayroon na rin po na 451,270 na second dose, for a total of 2,409,235.

Sa ating mga healthcare workers, mayroon na po tayong nabakunahan na 1,181,834. Sa A2 rin po mayroon na po tayong 436,[100] at sa A3 mayroon po tayong 331,150. At saka 'yong mga frontliner po natin na nabigyan natin during May 1 na Labor Day, mayroon po tayong 8,881.

[Next slide, please.]

Kung titingnan po natin, noong dati po nasa pangatlo po tayo, ngayon po, mahal na President, number two na po tayo dahil umangat po ang ating daily average. Noong dati po ang daily average po natin is only 34,418. Sa ngayon po, 'yong seven average po natin na last seven average from May 1 to May 8, tumaas na po tayo, nadoblado po tayo ng 65,879.

So nakakatuwa po dahil kasi talagang na ano na tumataas na po tayo and then number 41st na po tayo sa out of 94 countries and Rank 15 out of 47 countries in Asia.

[Next slide, please.]

Sir, ganito po ang gagawin po natin, nagkaroon po tayo ng mga series of conferences with our strategies. Ang maganda po talaga magkaroon po tayo ng strategy na tinatawag nating focus and expand through center of gravity. Iyong center of gravity po ito, ito po 'yong tinatawag natin na economic centers at the same time ito po 'yong mga vulnerable areas.

So pagka na-address po natin, na-strengthen natin ang ating vulnerabilities at the same time we strengthen our economic strength, iyon po ang center of gravity po natin.

So sa ngayon po ang nakikita po natin 'yong focus area po natin 'yong NCR plus 'yong six provinces, kasama po ang Bulacan, Cavite, Pampanga, Laguna, Batangas at saka po 'yong Rizal, kasama po ang Metro Cebu, at saka Metro Davao, ito po ang bibigyan po natin ng tinatawag nating steady supply.

For example, kung ang Manila nangangailangan ng 3.3 million kada buwan, talagang eksakto po na mayroon po siya talaga na supply na steady na 3.3 million. Kung ang Davao kailangan niya ng 250,000 a month, ibibigay po natin po 'yon parang stockpile niya para at least

hindi po magkaroon ng shortage at maging maganda 'yong kanyang rollout at wala pong delay.

And then 'yong mga expansion area natin, ito 'yong mga tinatawag nating mga important contiguous area ng NCR at the same ito rin po 'yong mga economic center. So Region III, Region IV, Cagayan de Oro, Baguio City, Zamboanga City, Bacolod, Iloilo, GenSan, Iligan and also 'yong mga Region X hanggang CARAGA po.

So kung titingnan po natin 'yong mga center of gravities po natin, instead na ita-target natin 'yong 110 million, ita-target lang natin 'yong tinatawag nating 83,000 --- 83,829,719. Ang kanyang 70 percent is 58 --- 58,680,803.

Ito po ginagawa po natin 'to pagka --- dahil kasi 'yong nakita po natin ang pinakamain variable po natin, Mr. President, is 'yong ating global supply. Kung maganda ang ating global supply, wala tayong problema. Ang inyo pong sinasabi na kailangan po natin na bakunahan po natin ang ating lahat ng ating mga mamamayan, babakunahan po natin. Until such time na hanggang children puwede po nating bakunahan.

[Next slide, please.]

So ito po 'yong target po natin, sinasabi po natin na we should have a better Christmas this year. So ginagawa po natin 'yong strategy natin na pagka nakuha na po natin, Mr. President, ang 25 million, ito na po 'yong pinakavulnerable. According to WHO, 'yong tinatawag natin na burden of disease at saka burden of death at saka burden of hospitalization. Ito po 'yong ating healthcare workers, seniors citizens, at saka po 'yong people with comorbidities.

Kung makuha po natin 'yon, mako-contain po natin ang ating tinatawag na death and also 'yong mga fatalities. So mayroon tayong tinatawag na low and high target wherein pagka once na nakuha natin 'yong 25 million, at least mayroon tayong tinatawag na initial herd containment.

And then iyong herd immunity, from 58 million to 70 million. Ito 'yong tinatawag nating prevent and contain. And then once na we have already have the science that we can give the vaccine even to the children, we will target the 110 million population.

[Next slide, please.]

Sir, kagabi nga ano po, sir, iyong lahat ng mga expert ng supply chain ng private sector kausap po namin. Ito po 'yong mga magagaling na supply chain ng McDonald's, ng Jollibee, at saka po ng mga tinatawag natin na mga health providers.

Malaki po ang ating ano --- malaki po ang ating challenge dahil 'yong ating mga tinatawag na national ano national supply chain management, may dalawa po tayo, mayroon po tayo 'yong Pharmaserv and also 'yong Zuellig and then bababa po 'yan sa regional warehouse and then sa LGU warehouse and then sa vaccination site.

May mga ginagawa po kami, sinisimplify po namin na from ano from the pharma puwede po kaagad na doon sa vaccination site kasi po nakita po natin na 'yong ibang mga ano mga vaccine ay napaka-critical po na magkaroon pa ng mga tinatawag nating double handling at pagka lumabas po 'yan sa warehouse, kailangan maiturok na po natin.

So pinag-aralan po namin po 'yon, tinitingnan po namin 'yong mga delays, paano natin mapa-fast-track 'yong ano 'yong vaccination, paano natin mai-eliminate 'yong tinatawag na mga challenges for possible wastage, pinag-aralan po nang mabuti ng mga supply chain managers. And natutuwa po

kami dahil kasi ang private sector po talaga talagang gusto nilang tumulong sa atin. And then also they can provide more than 23 million na ano na vaccine output through their private hospitals at saka 'yong tinatawag na healthcare provider. So meaning, 'yong binili po nila na more or less 23 million, sila rin po ang magpapabakuna with the guidance and supervision so of the LGU and the DOH regional directors.

[Next slide, please.]

Kung titingnan po natin, ito hindi masyadong nakikita po, sir, pero at least nakita po natin 'yong ginagawa natin na ano na talagang 'yong supply and demand vaccine rollout planning. So ito po napaka-critical po ito dahil kasi talagang 'yong sa at the level of the national, talagang 'yong planning dapat synchronized until to the site preparation at mayroon tayong tinatawag na pull and push variables na kailangan po makita natin po sa mga assumptions.

So ang pinakamain objective natin talaga, sir, is ma-optimize natin 'yong time at saka maminimize natin 'yong wastage. Meaning, the main purpose of this supply and demand vaccine rollout is that to finish the vaccination at the earliest possible time and maximize the resources that we have without any wastage.

[Next slide, please.]

Sir, with the out --- with the output na ano ng ating mga deliveries, we are ano we are very confident na by June or July we can have a --- we can have a target output na at least mayroon tayong 25 million na vaccine. And with that pagka once na nakuha natin po 'yan, ang ano ito magiging liberal na po 'yong ating vaccination. Meaning, we can already have the vaccination of the general public. Meaning, immaterial na po 'yong tinatawag natin na mga priorities dahil mayroon na po tayong mga eksaktong mga bakuna.

Sa ngayon po sa ating inventory, mayroon po tayong more or less 5 million naka-stock nakita natin naka-dedicate 'yong 2 million for the second dose while we have still a stock of more or less 3 million. Meaning, Mr. President, sa ngayon na may 7 million po tayo, mayroon na po tayong stock na 3 million na supply. Meaning, iyon po puwede pong gamitin ng LGU at mapaspasan po ang ating pagva-vaccinate. Pagka dumating pa po 'yong

mga ibang mga ano natin mga dinadat --- 'yong ating mga tinatawag na mga vaccine, iyon po ang nagiging ano natin nagiging challenges natin 'no how the ground operations will do it well na para 'yong inventory natin bumaba kasi mas maganda po, mas mabilis, mas makokopya ang inventory natin ibig sabihin paspas po 'yong ating vaccination. And pagka maganda po ang vaccination natin and it is being done efficiently, baka po 'yong herd immunity ay makukuha natin nang mas maaga.

And then ano po maganda rin po ang naano po natin na noong last na nagpunta po kami sa ano sa pag ano po ng AstraZeneca, nakita po namin po doon napakaganda po ng na talagang ng ano ng intensyon ng Gavi, COVAX, at saka po 'yong Coalition. Nakikita po natin, Mr. President, na we have really have to support 'yong COVAX facility and we are very happy that we have supported it through our DFA and we also ordered an additional 10 million for the COVAX.

We have seen that if we ano if we --- if the ano all countries will join together for this pandemic, we can ano we can ano we can win this fight. At nakikita po natin if all the Filipinos will work together also, together with the private sector, with the LGU, and the national government, we can win this fight definitely, sir.

So 'yon lang po, mahal na President, at ang sinasabi nga po natin na talagang 'yong equitable access at saka po 'yong tinatawag nating walang iwanan at walang maiiwan dapat po iyon po din talaga ang talagang gagawin po natin.

PRESIDENT DUTERTE: I'd like to call Dr. Domingo sa ano what are the latest applicants for a permit to operate or to distribute or sell diyan sa opisina mo ngayon. This a... Tinatanong ko kasi ito because then we would know what --- how many we can make a projection of how many vaccines will be coming in to the country if we have the numbers doon sa mga kompanya na nakarehistro sa iyo. Kindly give us just a rough figures so that we can at least tell the public that we expect this more than this number for this month. Go ahead.

FDA CHIEF ERIC DOMINGO: Good afternoon po, Mr. President. I will give you an update on the emergency use authorizations po that we have granted at the FDA and then vaccine that we hope might be also applying with us.

[Can we have the slides, please?]

At this time po, there are 111 vaccine candidates all over the world. These are the ones that are ongoing clinical trials on humans already, meaning Phase 1, 2, and 3. And of all these 111 candidates, there are already 14 that are being used in different countries worldwide in at least one country po. Iyong iba diyan 'yong mga five or six are really very new and are only being used right now in China and Russia mostly but a lot of them are being used in several countries.

[Next slide, please. Next slide, please.]

In the Philippines po, we have ano we have --- well the second most number of authorized vaccines for use in our country in the Philippines since last week po, we already have seven vaccines that we have given emergency use authorization. Iyong mga ibang country po usually a little less but hopefully tayo po mayroon po tayong tinatarget po na dalawa 'no, sila Sec. Charlie na possible vaccines to come into the country aside from the seven that are already authorized.

[Next slide, please.]

So iyon pong pag-approve po natin ng emergency use authorization is based on your Executive Order No. 121 which you signed on December 1 of 2020.

[Next slide, please.]

At iyon po 'yong sinusunod natin na mga conditions, Mr. President, number one, the vaccines should have good efficacy 'no. The evidence should show that it is reasonable to believe that the vaccine may be able to prevent COVID-19.

And then second, it has to be a safe vaccine. Meaning, the known and potential benefits outweigh the risks. Dapat po walang mabigat na risk ano, hindi tayo nakakakita nang malaki pong ano potential risks ng mga vaccine, which are still under development. And then third, there is no adequate, approved, available vaccine yet. So ibig sabihin po, wala pa pong registered vaccine na fully marketable.

[Next slide, please.]

Ang application po ng emergency use authorization --- at hindi lang po sa Pilipinas, kundi sa buong mundo --- can be ano po 'no submitted by the industry, meaning, the company that developed the vaccine or the importer or the local distributor. But the government can also apply for an EUA

particularly po the national agency compared with --- ah, I mean with the authority to procure or to ano 'no to implement the public health vaccination program. So puwede po, for example, ang NTF or ang DOH na mag-apply for an EUA ng isa pong bakuna.

[Next slide please.]

So ito po sir 'yong mga approved na natin ano. Karamihan po approved sa other countries and WHO: iyong Pfizer po, ito po ang approved sa 82 countries and WHO; AstraZeneca, which is approved in 91 countries and WHO; iyong Gamaleya, approved po 'yan in 62 countries pero sa WHO, nagsa-start pa lang po iyong kanilang application for emergency use listing; Sinovac is approved in 22 countries and it's also in the late stages of WHO emergency use listing. Ang tingin po natin baka in one to two weeks magkaroon na rin po ng EUL itong Sinovac kasi ang pagkakaalam po natin na-inspect na rin po sila 'no.

[Next slide please.]

Iyon pong Bharat Biotech, ito po 'yong isang Indian vaccine na hinihintay pa po natin 'yong good manufacturing practice certificate niyan bago makapag-import sa Pilipinas. Iyon pong Janssen at saka Moderna, these are also approved in several countries like in US and then European countries, Canada, and also WHO. And these are also now approved dito po sa atin. Iyong Janssen po 'yong single dose vaccine. Iyong Sinopharm, ito po 'yong although hindi pa official 'yong application sa atin, the good news is it was granted an emergency use listing by the WHO on May 7.

So kapag po ang DOH ang mag-a-apply po ng EUA for this if we plan to procure government-to-government, the DOH can apply for an EUL for Sinopharm and that will not ano 'no that will not take very long kasi nga po 'pag ganyan na mayroon na pong EUL ng WHO, we will be able to ask the WHO for the pertinent clinical trial data and the information, and I already asked for it actually this morning. Hopefully they will give it to us by siguro po tomorrow morning din so we can ask our vaccine experts to take a look at it para 'pag

nag-apply po ang DOH ay hindi na po tayo matatagalan. Iyong huli pong vaccine na iniisip natin 'yong Novavax. Iyon po. Baka po in a month or two mag-a-apply na rin po 'yan 'no.

[Next slide please.]

So doon po sa pag-aaral ng WHO, iyong tinatawag pong SAGE or the Strategic Advisory Group of Experts ng WHO, completed the review of the vaccine ng Sinopharm. In fact, they also did inspections of the factory to make sure that it follows good manufacturing practice. And they took a look at the published and the unpublished data, which we hope to be able to see very soon also.

And on the basis of that, the WHO recommended the vaccine for adults 18 years and older. Ito po ay two-dose schedule din po. Binibigay ang first dose and then after four weeks, they give the ano --- they give the second dose.

Although very similar po to Sinovac, ang Sinopharm has limited data on people 60 years and above. However, the WHO decided not to put a cap on the age. So basta 18 and above, in-approve po ito ng WHO, believing na mayroon namang kaunting data showing it's useful in older people and that physiologically speaking, it would --- older people should also mount a similar kind of ano 'no immune reaction. And, of course, if you use it in the country, the WHO just suggested that we follow up the people who are vaccinated to look at the efficacy data in the real world. And it was found to have an efficacy in preventing symptomatic and hospitalized disease at an estimated 79 percent among all age groups.

So ito po 'yong ini-request natin sa WHO to give us the scientific data on this so we can give it to our vaccine expert panel so they can do a quick review.

[Next slide please.]

So iyon lang po, Mr. President, 'no. So we have seven approved vaccines here. Most of them in the basket of Secretary Charlie and the vaccine czar. At iyon pong pang-walo na we hope ia-apply daw po ng DOH ay 'yong Sinopharm and then we will be awaiting for the next few months po sa Novavax.

PRESIDENT DUTERTE: Okay, that's a good report. Salamat, Dr. Domingo. Now, let us... I think we are through with the... Tapos na tayo dito sa anong mga arsenal natin sa COVID.

But let us hear the Department of Interior and Local Government in the matter of enforcing policies that would help meet the challenge of COVID, especially iyong protocol sa 'pag hindi paghawaan and, of course, some allied activities that are not good. I gave the orders but the implementing rules I would think would be given by Secretary Año now.

Secretary Año, the table is yours.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Senator Bong Go and fellow public servants, magandang gabi po sa ating lahat.

Una po, magbibigay po ako ng updates sa ating Ayuda 2021. Sa ipinamahagi po na pondong 22.9 billion, nakapag-distribute na po tayo ng 18.82 billion para po sa 18,822,713 beneficiaries for a total po na 82.14 perent accomplishment. Ito po ang breakdown sa bawat LGU.

[Next slide please.]

Dito po sa National Capital Region ay 9,235,469 beneficiaries na po ang nakatanggap. A total of 18.8 billion pesos ang naipamahagi sa 82.66 percent accomplishment.

Sa Bulacan naman po ay mayroon ng 2,483,985 beneficiaries na nakatanggap. Ito po ay a total na 2.4 billion na naipamahagi sa 83.72 percent accomplishment.

Sa probinsiya naman po ng Cavite, mayroon na pong nakatanggap na 2,559,602 beneficiaries or a total of 2.55 billion pesos na naipamigay sa 74.31 percent accomplishment.

Sa probinsiya po ng Laguna, nasa 94.17 percent, 2,559,498 beneficiaries po ang nakatanggap. At sa probinsiya ng Rizal ay 1,984,159 individuals ang nakatanggap ng ayuda sa kabuuang 75.94 percent accomplishment.

Sa kabuuan po, nakatanggap tayo ng complaints about 112,659. Ito po ay sari-sari. Mga tao na qualified pero wala sa listahan. Ang iba naman po ay nag-aantay ng kanilang ayuda. Ang 62,137 po ay na-resolve na at ongoing naman po ang pagpapatupad sa 49,283. Mayroon pa naman po tayong limang araw para maipamigay ang natitirang ayuda sa ating mga kababayan.

[Next slide, please.]

Dito naman po sa inyong ipinag-utos noong nakaraang linggo na kung saan ay mahigpit din po ang pagpapatupad ng community health protocols mula po May 6 hanggang May 10. Sapagkat May 5 po ninyo ibinigay iyong order na magsagawa ng pag-aresto sa mga tao na hindi nagsusuot ng mask.

So makikita po natin sa panahon po na dumaan, mayroon pong 18,862 violators; 904 po ang ating inaresto pero iyong 9,379 po ay binigyan natin ng warning; pinagmulta po ang 8,027; at nag-community service po ang 491; ang 61 po naman ay na-inquest na.

Patuloy po nating ipapatupad ang inyong pag-uutos na mag-aresto po ng mga hindi po sumunod sa pagsusuot ng face mask.

Sa mass gathering naman po, ipinatutupad natin din ang inyong ipinag-utos sa pamamagitan ng Memo Circular 2021-015 na inilabas po ng DILG. Mayroon po tayong 280 violators. At kahapon po at kanina, ang pinaka-controversial na issue po ay ang Gubat sa Ciudad Resort incident na kung saan po ay more or less 300 ay pumunta sa resort na dapat ay sarado at nagkaroon po ng mass gathering.

So ang atin pong PNP at ang LGU ng Caloocan City ay nagsasagawa na po ng pag-file ng mga kaso sa mga violators kasama po 'yong owner ng Ciudad --- ng Gubat sa Ciudad Resort, at ang pag-summon at pag-aresto po sa barangay captain ng Barangay 171 Caloocan City sapagkat hindi niya naipatupad ang community health protocol lalong-lalo na ang mass gathering na supposedly bilang isang barangay official alam po niya dapat ang nangyayari sa kanyang nasasakupan.

Sa physical distancing naman po, mayroon tayong 5,473 violators at ito po ay binigyan po natin ng warning, ang iba po ay binigyan ng pagmumulta; nag-community service po ang 205; at na-inquest na po ang 186.

Tuloy-tuloy po naming ipatutupad ang inyong instructions sapagkat ito po 'yong pinagmumulan ng sinasabi nating outbreak kapag po sumuway sa public health standard protocol, lalong-lalo na kapag hindi nagsusuot ng face mask.

Nag-usap na po kami ng DOJ Secretary Menard Guevarra at gumagawa po kami ng guidelines para pagtibayin lalo kung paano ipatutupad ang --- ang pagpapatupad ng guidelines sa mass gathering kasama na po ang hindi pagsusuot ng face mask.

[Susunod na slide, please.]

Dito naman po sa ating kampanya laban po sa illegal drugs, mula po sa panahon ng 01 up to 09 May o sampung araw po ang nakaraan ay nagkaroon po ng operation ang Philippine National Police at iba pang mga ahensya kasama ang PDEA ng 1,121 operations. Nakapag-aresto po tayo ng 1,543 drug addicts, drug users and drug peddlers; 19 po ang namatay during the operations; at mayroon pong 38 na nag-surrender.

Sa kabuuan, 29,981.10 kilos of shabu ang ating nasamsam; 516.9 kilos of marijuana. Mayroon pong street value na tinatayang 265,904,094 pesos po ang ating nakumpiska. So iyan lamang po muna ang aking mai-report, Mr. President. Salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Año. Let me explain the finer points of law involved in this process of arresting people who are violating the protocols. Alam ho ninyo, ang persons of authority is the President, the barangay captains, and the mayors. Hindi nga ang governor eh, sa totoo lang.

It's only I think the President, of course, tapos ang barangay officials, the municipal officials, the mayor, the barangay captain and the teachers. Lahat sila, all are persons in authority. Kaya ho binigay 'yang supervision sa pulis because ang pulis diyan sa munisipyo is the person in authority. Ang mga pulis are agents of a person in authority. Lahat, maski si ano --- si PNP chief, he's only an agent of a person in authority. He is not a person in authority.

So ganoon ho ang takbo kaya ang barangay captain you are called upon and will be held liable for the failure of implementing the law in your territory. Iyan ho kasi magsabi bakit ibigay sa amin 'yan? Anak ng --- hindi ninyo alam, iyan 'yan. That is the reason why. You have to enforce the law 'yong barangay captains sa iyong lugar mo, you are the person in authority.

Kaya nga makipag-away sa inyo kung in addition sa nasugatan kayo it could be a direct assault. May isang kaso pa nakapatong na paglaban mo sa awtoridad ng gobyerno. That's the reason why. Ngayon, I am satisfied with the implementation of the law.

Ako kasi ang itaas, so ako ang magsabi. But you know, the guidance and everything, direction, should be followed by the persons in authority, tayo, tapos down sa inyo sa pababa. Iyan ang ibig sabihin ng batas dito. So thank you, I said, Secretary Año.

Now, let us go to now to this issue of --- papalakihin lang natin 'yong ulo ng mga kalaban but then we have to, somehow, whether we like it or not, we have to explain to the people why ganito ang sinasabi nila at bakit mali.

And I would like to call on Secretary of the Foreign Affairs, Secretary Locsin to do the preliminary explanation or talk.

DFA SECRETARY TEODORO LOCSIN JR.: The --- Mr. President, colleagues, the issue here... You can keep talking about the arbitral award and we all know how brilliantly that arbitral award was won when our German lawyer took away all aspects of sovereignty in the issue.

Hindi 'yong they will decide the arbitral --- the arbitration will decide who is the sovereign over this or that area. Right, Harry? Okay. What he --- what the German did is he said, let's just ask them to rule what happens with these features, iyong they show themselves at high --- they are still apparent, you can see them at high tide or you see them only at low tide, and what does it generate, what kind of --- what kind of territorial --- what kind of sea it generates. That's it.

Now, the question really is who lost possession of that reef, Scarborough? I was a little hard on the --- I have been very hard on the Americans, blaming them because when there was a confrontation between a Philippine ship --- Del, please correct me ha at any point --- and a Chinese ship, and now it's become 30 ships, according to Del Rosario, so I'm not sure how many ships there are 'no. But when they confronted themselves, the interference --- the

participation of the United States was to try to stop people from attacking each other. It's a --- they think it's their job. So they said, "stand down". So they stood down. And then the United States told both sides, not taking sides, said "withdraw". Now, if you believe, your government at that time believes that that is yours, why will you withdraw? These are only good offices of the United States, it is a suggestion, "*I think you should both withdraw.*" So what you should have done --- I don't want to say that like I know better after the fact --- but the truth is, if I --- if I have UNCLOS on my side saying we are within the exclusive economic zone and the Chinese ship is not, from my point of view, then I would say, I'll just look at the other side and say go. When you go, I'll go but you go first. Instead, our side withdrew. So what happens to our claim that this is ours? You just gave it up. Now later on they went to court and then they decided one thing --- Harry, tell me if I'm wrong --- that the historical claims of China must yield to UNCLOS because it's the latest law on it. Never mind na your history, whatever you think. History does not confer rights. Tradition does not confer rights once a law comes into play.

So that's all. I mean why did we yield possession? And that's, I think, the first thing you must ask. Who gave the order to withdraw that ship? Because it is from there that we start having the problems that are separate --- actually a separate issue from the arbitral award. We won it.

Well actually, from the time when we won that, I immediately announced to the United Nations --- again, please correct me --- I said this is not just us -- by the way, the rest of the world didn't care ha --- this is not just us, this is applicable to Norway, this is applicable to any other country because it was not a determination of Philippine or Chinese sovereignty. It was a description of features in the maritime --- in the maritime areas. That was it. Now, who moved the side from that issue and then who yielded possession in the first place? I think you decide. I won't say it. I'll just decide who withdrew?

Again, the Americans could not force us, they couldn't force the Chinese. They did not want to force anybody. They just said, this is my suggestion so you guys don't kill each other: stand down, withdraw. We were the first to withdraw. But we have --- under UNCLOS which is very --- which is already old, we had first right to be there but we pulled out. Now, who needs to explain then?

I think before you start any debate about the merits of the --- or the obligations generated by the arbitral award, you must first settle the issue: Who in a game of chicken stopped this car on the edge of the abyss first?

That's all, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Actually, sir --- thank you --- that was what was in my mind when I challenged Carpio to a debate. Well, ang problema lang kasi dito is nakalimutan ko na si Carpio ang hindi ang presidente, ako.

So eh policy statement kung anong itanong niya masasabi ko and I might bind future actions of government pagdating dito sa West Philippine Sea pero doon ako sa kahon. It's not because I am afraid of debates. Ilang debate na dinaanan ko noong eleksyon, araw-araw halos.

Ganito 'yan, hindi ako lalabas --- just like the position of the Secretary of Foreign Affairs --- I would insist on the one issue before we go to the other side issues. Sino ang nagbigay ng possession sa China sa West Philippine Sea? Sila, kay kung hindi sila umalis, 'di walang problema.

Eh tayo ang umalis because 'yong sabi ni Secretary Locsin about the good offices, ang ibig sabihin nagmamagandang loob lang, offer to mediate na para hindi magkaupakan, that was what the America was there for.

But ang atin --- ang akin ngayon is --- my sentiment is bakit hindi nila in-enforce? He could have said, look, you allowed us to mediate. Then the result of that mediation must be followed, eh ipapasubo mo ako eh. But America did nothing, apparently, I don't know, maybe afraid of China would turn its direction towards them so para tayo umalis talaga at hindi na tayo nakabalik.

Ang sinasabi ko na sa kanila na possession it's not really about ownership, it's not about sovereignty. Kung sino nandiyan nakahawak and who has been building... Ngayon sa newspaper, they are building a military garrison. Now sabihin nila na hindi sa --- no possession. How stupid can you get? Hindi siya possession pero ginagawa niya 'yong propiedad parang

kanya. As simple as that. Ang debate ko sa iyo dito lang sa dalawa. Hindi ako takot sa iyo. Ang problema hindi ko nga alam na hindi ka presidente. That's about it.

Secretary Locsin?

SEC. LOCSIN: There was one thing --- and again, please inform me, Secretary Del --- I've always said even before when this was happening I was a publisher when this was happening, two things you must understand: you know that the media and nobody paid attention to this issue. I give credit to Noynoy, they were the first ones to do it. Every president, it was only the Armed Forces of the Philippines after independence, for some reason nobody understands including the great writer Hayton, started picking up features before UNCLOS. I think the Armed Forces had foresight. But whatever it was, they were all alone so they didn't know.

But the question is this: When they said "in good offices" as the President used --- I didn't and --- the term --- the good offices to mediate, stand down, withdraw. When we withdrew, the United States has no obligation, Mr. President, to go to war. The thing about the Mutual Defense Treaty is you have to be attacked. Nobody was attacked. We withdrew. If the Chinese wanted to attack, there was nobody to attack. The other side left. And I don't know if they would have attacked. That's one thing.

I have talked to the Chinese, to Foreign Minister Wang Yi, they have no intention to do that. If we had kept up that face-off, it might have ended up in just the two sides talking to each other. But why we withdrew when we had UNCLOS in place that said under this law, we have the right to be here, you don't? But we did. And that's the meaning of losing possession, when you walk away from that and there is no obligation.

Even at that time, I would say, President Aquino, why don't you go into the water? It goes all the way there because you cannot expect the United States to trigger the Mutual Defense Treaty unless they sink the boat in which you are. But if you do not want to go there... In fact, I was willing to be a ship's cook. I can do it, you know. If you are not willing to go there, there's no obligation to defend the Philippines could it hasn't been attacked.

There's no obligation to defend if you are not attacked and that is what was avoided, one ship walked --- ah sailed away, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: I would like to hear the opinion of a legal luminary, si Secretary Panelo.

CHIEF PRESIDENTIAL LEGAL COUNSEL SALVADOR PANELO: Mr. President, mula't sapul, hindi ho ako sang-ayon doon sa debate. Unang-una, ano bang pagdedebatehan? Eh resolved naman ho 'yong mga isyu. Inaamin ni ex-Justice Carpio na 'yong Scarborough Shoal ay kinuha ng Tsina sa ilalim ng administrasyong Aquino. Sinabi niya po 'yon sa kanyang press statement.

Sinabi niya rin na isang teritoryo pa kinuha naman sa panahon ni Ramos --- ni Presidente Ramos at kinuha ng Tsina. Madaling sabi resolved na inaamin na nga nila, ano pang pagdedebatehan? 'Di naman sa tanong na hawak ba ng Tsina 'yong buong West Philippine Sea? Hindi naman ho dapat pagdebatehan 'yon sapagka't ang pinupunto niyo mula't sapul ay 'yong Scarborough Shoal lamang at ito'y isang bahagi lamang ng West Philippine Sea.

Kaya sabi ko nga eh palibhasa kasi eh laking yaman ka, eh itong Presidente naman ngayon laking kalye. Mukhang hindi mo naiintindihan. Kagaya halimbawa 'yong sinasabi niyo na 'yan ay isang papel lamang. Eh ang ginawa nila tini-twist nila, binabaluktot nila. Parang pinalalabas nila kaya ang --- kayo o ang gobyerno sa ilalim ninyo ay hindi nagbibigay nang pagpapahalaga doon sa arbitral ruling na ang katotohanan ang sinasabi niyo ang katotohanan niyan desisyon ng anumang hukuman o anumang pagkakasunduan ng mga bansa 'pag 'yong miyembro diyan o nag-participate dahil sa kanyang kalakasan o kapangyarihan ay hindi ipatutupad ang isang kasunduan o ang isang desisyon dahil mayroon siyang kakayahan na ibahin kung ano man ang gusto ng kalaban, eh magiging isang kapisasong papel doon sa party ninyo hindi sa --- or rather sa party nila. Ibig sabihin, walang saysay sa'min 'yan. Kumbaga o sige, sa'yo ang papel, sa akin ang lupa. Sa'yo ang papel, sa akin ang karagatan. Iyon ho ang sinasabi niyo. You are not... Kasi sinasabi nila, "eh ang problema kay Presidente binigyan nang kawalan ng halaga 'yong panalo." Hindi, binibigyan nang kawalan ng halaga ng kalaban. Kahit na nanalo ka, ay hindi, basta as far as we are concerned, we own this. Wala 'yan.

Sinabi ko nga sa programa ko sa "Counterpoint", parang dokumento ng kasalan 'yan. Mayroon kang papel pero 'yong mga spouses hindi naman sumusunod, eh magiging parang kapisasong papel lang 'yang dokumento ng marriage contract. Kaya nga nagkakaroon ng demandahan eh, kaya nagkakaroon ng annulment, ng diborsyo, kasi 'yong mga participants ayaw ipatupad 'yong kanilang mga obligasyon sa ilalim ng kontrata. Iyon 'yong sinasabi niyo, Ginoong Pangulo, na itong papel na pinanalo namin hindi niyo binibigyan ng halaga sapagka't sa ngayon kayo ang may puwersa. Kaya ayaw ko ho 'yong debate kasi walang pagdedebatehan eh. Resolved kumbaga, iyong mga issue resolved na. Inamin niyo na nga na kinuha ng Tsina. O ano pa ang pagdedebatehan natin?

Isa pa ho, ang problema ho sa kanila 'yong palagi nilang pinagpipilitan na kayo daw ay takot sa Tsina, hindi kayo mag-assert ng sovereignty. At ang ginagawa nilang argumento, "Tingnan mo 'yan si Presidente, sasabihin na naman niya 'China is a friend, marami tayong utang na loob.'" Humihinto na po sila roon. Eh mayroon kayong dinagdag eh, klarong-klaro, anong sabi niyo, "Kaibigan natin sila, may utang na loob, pero intindihin nila ako sapagka't there are things in life that cannot be compromised." O sa wikang Pilipino, maraming bagay sa buhay na hindi pupuwedeng makompromiso at dinagdag niyo, "Iyan ang soberentiya o kasarinlan. Eh ayaw nila hong isama 'yon eh. They stop doon sa sentence na, "China is a friend. We owe them a lot. We are indebted to them." Hanggang doon na lang. Eh sabihin nila, "O tingnan mo 'yon si Presidente o."

Pagkatapos magagalit sila sa Tsina. Ayaw... Mayroon pang isang sinasabi sila, "Bakit naman ang gobyerno ninyo ang preperensya niyo 'yong mga Chinese vaccine?" Tinatago po nila na pitong manufacturer --- vaccine manufacturers ang kausap natin. Hindi lamang 'yan. Eh biruin niyo, hindi ho ba sabi nila Pfizer ang gusto nila, Moderna, pero hindi naman ho dumating. Ang unang dumating binigay pa ng Tsina, libre pa, galit na galit pa sila and yet 'yong mga taong galit na galit sa Tsina eh ang itinuturok sa kanilang mga braso ay puro Sinovac. *[laughter]* Ano ba 'yan?

PRESIDENT DUTERTE: Mag... Magmu --- makamura lang ako dito. Huwag na lang. Kayo na lang magsalita. Eh basta ako doon ako sa kahon lang sa ano. Anong takot? Takot ako ano 'yang utak niya? May --- pareho kaming abugado. Hello? *[laughter]*

Pero ayaw ko nang magsalita. Publiko pa naman tayo nagmumura ako eh. Hindi --- hindi lang inis, galit. Mga g*** kung anong ginagawa, using me as an excuse to right the wrong. Buang.

Alam mo, it is never, never wrong to say that I owe you a debt of gratitude. Totoo eh. Binigyan tayo, tinanggap natin, ginamit natin, but it does not mean na tanggapin ko 'yong bakuna at tapos sabihin ko kalimutan ko na 'yong claim diyan sa West Philippine Sea, okay na 'yon dahil sa bakuna. It is never like that. The world does not operate like that. The international relations would never work in that kind of --- na gamitin mo 'yong ginamit ninyo... Anak ng jueteng itong mga... Kayo, kayo ginamit pala rin ninyo eh tapos ngayon sabinin ninyo na ganito, ganyan. So I said, it's never wrong to admit a debt of gratitude. But it would be wrong to use it as an excuse to maybe retreat from your --- sabi ko, there will be no compromise.

Alam ng China 'yan. Maski bahaan tayo dito ng vaccine, gagamitin ko pa rin pero sabihin ko hindi ito 'yong kabayaran. Iba ito. This is Philippine national interest, this is not a health issue that nagpasalamat ako.

And let me just also say itong history ng... I --- ito for public consumption na ito. Tumawag ako kay President Xi Jinping, sinabi ko kasi 'yong kasagsagan na ng COVID eh kung walang --- 'yong walang dumating talaga, walang makapkap si Secretary Galvez, tumawag ako, sabi ko, *"Mr. President, I would like to ask for your help. Until now, the Philippines is really at a loss of how to get the vaccines."* Sabi niya, *"It's okay, we will help you."* Ganoon lang.

Hindi naman niya sinabi, "Kalimutan mo 'yong Scarborough Shoal, bibigyan kita." Maniwala... Sinabi lang niya na as simple as that. Sabi ko, *"Thank you, Mr. President."* *"It's okay."* Iyon. Iyon ang bakuna ni Carpio pati ni...

Ito kasi... Bakit saan ba niyo kinukuha 'yong bakuna ninyo? 'Di ba kay Secretary Galvez? Huwag mong sabihin nagbayad kayo ng sarili ninyo?

And let us now make it clearer kay Secretary Galvez kung magkano na lahat. Just give us a simple --- the sum of it --- the sum of it all kung ano, magkano ang available, magkano --- ilan ang dumating, magkano pa ang bibilhin natin. Simple as that para --- talk in a vernacular para maintindihan ng tao.

SEC. GALVEZ: Mr. President, sa sinabi po natin nga kanina na mayroon tayong pito na ano na tinatawag na portfolio. So sa Sinovac, sir, mayroon tayong kinuha na 25 million at tayo po'y nakabili na po ng humigit-kumulang na 4 million na po ang nabili natin at 'yong 4.5 million ay bibilhin pa po natin this coming June.

So sa ano po sa Gamaleya Sputnik, mayroon po tayong kontrata na dalawang [*garbled*] po nating kontrata dahil kasi po 'yong isa po gagamitin po natin DOH ano, DOH 'yong fund. Iyong another 10, is gagamitin po natin 'yong ADB fund pagka po nagkaroon siya ng EUA sa stringent regulatory.

So 'yong AstraZeneca, sir, mayroong --- mayroong nabili po ang private sector at saka LGU na 17 million. At darating na rin po 'yon, mahal na President, 'yong 1.3 million darating na rin po sa this coming June.

Then Moderna, marami pong nagsasabi na 'yong sinabi nga po sa isang ano ni Tulfo na parang kinuha natin 'yong ano, 'yong 13 million sa private sector. Nilinaw po natin, sumulat po kami kay ano kay Mr. Dante Ang na 'yong Moderna po 13 million ang nabili natin at 'yong 7 million, 'yon po ang nabili po ng ICTSI at ang tinatawag nating Ayala Group at saka 'yong consolidation ng mga consortium na 7 million doses ang din po nga so total po na 20 million na pinagtulungan po naming i-raise ng private sector at saka po ng government.

Initially, ang ano pong ang ano po natin noon, ang hatian supposed to be is 8 million sa government at 12 million po sa private pero hindi po nakuha 'yong --- ng consortium 'yong 12 million so kinuha po natin 'yong ano dahil sayang din po 'yong ano 'yong volume. Sinasabi nga po nila na kailangang-kailangan nating at the time 'yong volume. So nangyari nga po na nabayaran po natin through World Bank 'yong 13 million.

Then sa COVAX mayroon po tayong darating na 44 million at nag-order pa po tayo ng additional 10. So more or less mga 54 million po ang dadating po sa atin sa COVAX at ongoing po ang negotiation natin sa Pfizer na 40 million at sa J&J na more or less 5 to 10 million, at sa Novavax po mayroon pa po tayong 30 million.

So all in all po ang doses na nakalaan sa atin medyo may pasobra tayo dahil kasi 'yon nga po ang tinitingnan po natin na ang ating vaccination might be happening in two or three years' time.

Para at least ang ano po natin, January, hindi na po tayo maghihintay dirediretso na po tayong magva-vaccine again ng second ano natin, second -

-- ang tinatawag natin na second --- second ano, second tranche ng ating vaccination. Kasi po 'yon ang sinasabi po ng ating mga mahal na mga expert na this ano, this COVID might be a long haul na tatlong taon tayong magpapabakuna.

So sa lahat po, lahat-lahat po, umaabot po ng 123 million doses. At ang nabayaran na po natin through DOH fund is 'yong in-order po natin sa China at saka po 'yong 15 percent na in-order natin na 10 million sa Gamaleya Sputnik. And then 'yong Moderna dahil darating na po siya, mayroon na po tayong advance through World Bank.

Iyong iba po na hindi pa po dumadating ay hindi pa po namin nababayaran dahil kasi po ang ano po natin is 15 percent babayaran po natin and then later on pagka once na papadating na po, babayaran na po natin 'yong 85 percent.

Iyon po ang ano natin, mahal na President.

PRESIDENT DUTERTE: Okay. Now, let us end this by --- with an explanation itong jet ski brouhaha.

Alam mo, panahon ng kampanya 'yon. Hindi siguro sanay itong mga g*** na style ng --- style ko sa kampanya, pati 'yong bunganga ko ngayon. Nagyabang ako na pupunta ako sa Spratly, magdala ako ng flag nang sakay ako ng jet ski.

Nagplano ako niyan. Bumili ako ng jet ski, ang kaya ko secondhand lang. So nag-order ako ng piyesa hanggang ngayon hindi pa dumating since then. Eh walang dumating 'di wala akong magawa.

Ngayon, Secretary Lorenzana, may I ask you how far is the Spratly from the beach of Palawan? Tingin mo ilang kilometers 'yan?

DND SECRETARY DELFIN LORENZANA: Mr. President, 'yong ating isla doon na ang tawag natin ay Pag-asa ay mula Palawan siguro mga 150 ---

PRESIDENT DUTERTE: Kilometers?

SEC. LORENZANA: --- nautical miles. Hindi ho kilometers, nautical miles.

PRESIDENT DUTERTE: Nautical miles, oo.

SEC. LORENZANA: So malayo po 'yon, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: So ganoon. When I was plotting, nagpa-plot ako kung saan ako magdaan, nakita ko doon eh ilan naman 'yong tangke ng jet ski? Kailangan ko ng gasolina, supply. Eh pagtingin ko puro dagat, wala man akong makitang gasoline station along the way. Ah sabi ko, mahirap ito. Dito tayo mamatay nang walang kakwenta-kwenta.

So 'yan ang istorya. Ngayon, paano 'to? Paano? Panahon sa kampa --- panahon sa kampanya 'yan. At saka 'yong biro na 'yon, 'yong delabra --- we call it "bravado," 'yong bravado ko that was just a pure campaign joke.

At kung naniniwala kayo sa kabila, pati na siguro si Carpio pati si --- I would say that you are really stupid. Sige, maghanap ka ng tao dito magpunta ng jet ski. Hindi pa mag-abot pa ng ilang oras I would conk out in the middle of the sea.

And sabi nila ang waves --- ano bang waves sa Tagalog? *[Alon]* Iyang alon pala diyan sa China Sea kasing laki ng dagat. Ah sabi ko, mahirap ito. Sabihin ko na lang balang-araw sa inyo na inabot talaga ako ng takot. Wala akong magawa. Takot akong mamatay. Walang gasolina. Ang spare parts hanggang ngayon wala. Tapos pagsabi nila pupunta ka doon? Sabi ng Navy, ang alon umaabot po, sir, kasing laki ng barko. Na, patay.

So balik ako doon sa ano. Kung naniniwala kayo niyan, I really do not know if you --- if you harp on that, it's --- it's a pure... I was not taking lightly the sovereignty but it was a pure joke actually, but just to emphasize na talagang hinaluan ko lang ng biro.

Ngayon kung --- if you swallow it, my God, hindi na lang ako mag-comment ng ano. Sinong g***? Alam ba ninyong hindi ako marunong maglangoy? Eh kung matumba 'yang yawa na 'yan, magkapa-kapa na ako. By this time, I would have been the late Rodrigo Duterte kung totoo 'yan.

Ngayon, mukhang --- 'yon ang jet ski. Kayong maniwala, maniwala kayo para matu... Isipin ninyo kung paano maging totoo 'yan, matutunaw 'yong utak ninyo.

So mga kababayan ko, 'yon ang explanation ko sa jet ski at sa ibang mga issues sa ating --- confronting sa ating bayan. I would say to you it was a pleasant thing to be with you tonight and maraming salamat sa pagtangkilik ninyo.

[applause]

Maniwala sa jet ski p**...

--- END ---